# Si Jesus na Tagapagligtas

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na alam ng lahat tungkol sa iyo?
- Nakatanggap ka na ba ng isang bagay na pinanabikan mong matanggap? Ano ang naramdaman mo nang makuha mo na ito?
- Kapag nangangako ka, may ginagawa ka ba para makasiguro ang taong pinapangakuan mo na tutuparin mo ito? Ano ang ginagawa mo?

## WORD

*Ito ang talaan ng mga ninuno ni Jesu-Cristo na mula sa angkan ni David. Si David ay mula sa lahi ni Abraham.*

**MATEO 1:1**

Ang Ebanghelyo ayon kay Mateo ay isinulat para sa mga Hebreo nang sila ay nasa ilalim ng pananakop ng mga taga-Roma. Ilang daang-taon nang walang hari at walang sariling bayan ang mga Hebreo. Ang natira na lamang sa kanila ay ang mga panuntunan nila ayon sa kanilang relihiyon at ang kanilang mga propeta. Ang mga propeta ay nagsalita tungkol sa paparating na Tagapagligtas, ang Sinugo, na ipapadala ng Diyos upang iligtas sila. Sa ebanghelyong ito, gustong ipaalam ni Mateo sa mga Hebreo na ang Tagapagligtas na tinawag na Jesu-Cristo, ay dumating na.

## 1 Anak ni Abraham

*"Tutuparin ko ang kasunduan ko sa iyo at sa mga lahi mo sa susunod mo pang mga henerasyon, na patuloy akong magiging Diyos ninyo. Ang kasunduang ito ay magpapatuloy magpakailanman."* **GENESIS 17:7**

Tinawag ng mga Hebreo ang kanilang mga sarili na anak ni Abraham dahil mula sila sa lahi ni Abraham at ng anak niya na si Isaac. Dahil sa nakasulat nilang kasaysayan, alam nila ang pangako ng Diyos na katapatan sa kanila magpakailanman. Subalit ang sitwasyon nila sa ilalim ng pamumuno ng mga taga-Roma ay nagbibigay sa kanila ng naiibang kuwento. Naranasan mo na bang mailagay sa isang sitwasyon kung saan nagduda ka sa ipinangako ng Diyos sa iyo at sa pamilya mo? Ano ang naramdaman mo? Ano ang naging tugon mo?

## 2 Anak ni David

*[11]Kapag namatay ka na at ilibing kasama ng mga ninuno mo, ipapalit ko sa iyo ang isa sa mga anak mo, at patatatagin ko ang kaharian niya. [12]Siya ang magpapatayo ng templo para sa akin, at titiyakin ko na ang kanyang angkan ang maghahari magpakailanman.* **1 CRONICA 17:11,12**

Ang pangako ng Diyos kay David ay literal para sa mga Hebreo. Ngayon ay alam na nila na may isang hari mula sa angkan ni David na bahagi ng plano at pangako ng Diyos na patatagin sila at maging tapat sa kanila magpakailanman. Subalit nang maisulat ang Ebanghelyo ayon kay Mateo, walang hari ang mga Hebreo ng ilang daang taon. Nakatanggap ka na ba ng kasagutan sa mga panalangin mo na iba sa inaasahan mo? Ano ang nangyari? Ano ang ipinakita sa iyo ng Diyos sa pamamagitan nito?

## 3 Jesu-Cristo

*Ito ang talaan ng mga ninuno ni Jesu-Cristo na mula sa angkan ni David. Si David ay mula sa lahi ni Abraham.* **MATEO 1:1**

Sa unang linya pa lamang ni Mateo, nais na niyang makuha ang atensiyon ng mga Hebreo. Ipinahayag niya na matapat ang Diyos sa kanila, at na tinutupad Niya ang walang hanggang kasunduan Niya sa kanila. At ginawa nga ito ng Diyos sa pamamagitan ng isang tao, si Cristo (isa pang salita na ang ibig sabihin ay Tagapagligtas), at patatatagin Niya ang Kanyang paghahari magpakailanman. Kapag nakakatanggap ka ng katuparan sa iyong mga panalangin, ano ang nararamdaman mo? Ano ang gusto mong maging tugon sa Diyos?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na pumunta si Jesu-Cristo sa lupa para iligtas ka? Bakit oo o bakit hindi? Gusto mo bang tanggapin at paniwalaan ito ngayon?
- Nakikita mo ba ang kuwento ng Bibliya bilang kuwento ng pagligtas ni Cristo sa atin? Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo para mas matutunan ito?
- Paano mo maikukuwento si Jesus bilang bahagi ng plano ng Diyos na iligtas hindi lamang ang mga Hebreo kundi lahat tayo? Paano nito pinatutunayan ang katapatan ng Diyos sa atin?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagiging bahagi ni Jesus sa Kanyang dakilang plano ng kaligtasan para sa iyo. Ipanalangin na mas maintindihan mo ang katapatan ng Diyos sa pamamagitan nito.
- Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na maniwala sa pangako Niya sa iyo at sa iyong pamilya. Ipanalangin na maranasan mo ang walang hanggang katapatan ng Diyos.
- Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng mga pagkakataon na maibahagi si Jesus sa ibang tao hindi lang bilang isang relihiyosong tagapagturo kundi bilang sugo ng Diyos na ipinadala Niya upang iligtas tayo.

## NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph